



Amag

Gabay para sa Mga Naninirahan sa New Jersey



Pag-unawa ng Mga Imbestigasyon at Pagreremedyo sa Amag

- *Anong Mga Serbisyo Ang Dapat Kong Hingin?*
- *Ano ang Mga Mahahalagang Pamamaraan sa Inspeksiyon?*
- *Nakakatulong Ba ang Sampling ng Amag?*
- *Anong Impormasyon ang Dapat Ilaan Mula sa Inspeksiyon at Pagremedyo sa Amag?*



Mga Gabay sa Amag sa Mga Naninirahan sa New Jersey

NJ Department of Health
Consumer, Environmental and Occupational
Health Service
Environmental and Occupational Health
Assessment Program
P.O. Box 369
Trenton, NJ 08625-0369

Telepono: 609-826-4950
Fax: 609-826-4975
Website: www.nj.gov/health/iep



Talahanayan ng Mga Nilalaman

Layunin	1
Kahulugan ng Amag	1
Paano Tumutubo ang Mga Amag	1
Itsura ng Amag.....	2
Pag-unawa ng Mga Amag.....	2
Mga Isinasaalang-alang sa Kalusugan	3
Pagtatasa ng Mga Peligro	4
Pagkilala sa Amag	4
Mga Basic na Payo sa Pagkuha ng Consultant o Kontratista sa Pagremedyo	
Kontratista.....	5
Mga Hihinging Serbisyo	6
Bakit Mahalaga ang Masusung Pag-inspeksiyon at Pagtatasa	7
Pagtama sa Problema sa Pagpasok ng Tubig at Paggawa ng Plano sa Pagremedyo sa Amag	7
Kapag Kailangan ang Pagsa-sample ng Amag	8
Mga Plano sa Pag-sample	9
Impormasyon na Dapat Ilaan Bilang Resulta ng Inspeksiyon at Pagtatasa Amag	10
Mga Pantamang Pagkilos.....	11
Sino ang Dapat Maglinis ng Amag	11
Checklist sa Mga Serbisyo sa Inspeksiyon.....	12
Pagremedyo	13
Checklist sa Pagremedyo sa Amag	13
Mga Sanggunian	14



Layunin

Ang layunin ng mga gabay na ito ay upang tulungan ang mga naninirahan sa New Jersey na maunawaan ang mga basic ng amag, linisin sa ligtas na paraan ang amag, at kung kailangan, pumili ng consultant sa amag o pangremedyong kontrartista. Nilalayan ang mga gabay na ito para sa mga tirahang gusali. May gabay ang US Environmental Protection Agency (US EPA) para sa mga gusaling komersiyal at paaralan na makukuha sa

<http://www.epa.gov/mold/pdfs/moldremediation.pdf>.



Kahulugan ng Amag

Ang mga amag ay fungi na natural nagaganap sa kapaligiran. Maraming specie ng amag ang nasa New Jersey. Tumutulong ang amag na durugin ang mga materyales na patay at gawin itong organikong bagay na magagamit ng mga buhay na organismo.

Paano Tumutubo ang Amag

Tumutubo ang amag sa pagkain at pagsira sa materyales kung saan sila tumutubo. Mahahanap sila halos kahit saan at maaaring tumubo saanmang materyales sa kundisyong kaaya-aya ang kundisyon. Para sa kaaya-ayang mga kundisyon, kailangan ng amag ng sustansiya (oxygen at pagkabasa) at materyales na tutubuan.


Kinakain at sinisira ng amag ang materyales ng gusali kung saan sila tumutubo.

Nagpaparami ang mga amag sa paggawa ng spores. Ang spores ay nasa hangin, sa labas at loob ng mga gusali. Kung mapunta ang spores sa angkop na materyales at kaaya-aya ang mga kalagayan, magsisimulang tumubo ang amag.



Itsura ng Amag


Tumutubo ang amag sa mga colony at maaaring iba-iba ang hugis at kulat nuti. Maaaring mukhang bilog ang amag at ang iba ay lumaki at kumalat para sakupin ang lugar. Maaaring kulay brown, dilaw, berde ot itim ang amag. Ang itsura ay depende sa specie ng amag na naroon.



Pag-unawa ng Amag

Kahit na nasa lahat ng lugar ang mga amag, nagiging problema sila kapag tumubo sila sa loob ng mga bahay at gusali. Maraming materyales ng gusali tulad ng drywall, mga tile sa kisame at balangkas na kahoy ay may cellulose, na materyales kung saan tumutubo ang amag.

Habang tumutubo ang amag sa materyales ng gusali, maaaring mapanira sila. Maaaring hindi mapansin na tumutubo ang amag sa ibabaw ng mga kisame, sa likod ng mga dingding, sa mga attic at silong o sa mga espasyo na ginagapangan. Maaaring magdulot ang amag ng pagmantsa sa mga dingding at kisame at maaaring simulan ang pagkasira ng mga stud at joist ng mga gusali at nagdudulot ng malawak na pagkasira sa pag-aari.



Walang Basa = Walang Tutubong Amag

Ang sobrang pagkabasa ay pangunahing sangkap na nagdudulot ng pagtubo ng mga amag. Ang mga pinagmulan ng sobrang pagkabasa ay maaaring mga tulo sa tubo, tumutulong bubong o bintana, sobrang umido, pagbabaha o condensation sa loob ng mga dingding dulot ng masamang insulasyon.

Mga Isinasaalang-alang sa Kalusugan



Mahalagang tandaan na dapat kumonsulta ang mga indibiduwal sa manggagamot nila kung naghihinala silang nakakaranas sila sa mga epektong pangkalusugan mula sa pagkalantad sa amag.

Mga indibiduwal na nasa pinakamataas na peligro:

- Mga may umiiral nang kalagayan sa (mga allergy; Kalagayan sa baga katulad ng hika o emphysema)
- Mga sanggol
- Matanda

Naglalabas ang amag ng spores at kemikal bilang bahagi ng kanilang karaniwang siklo ng buhay at ang ilang mga indibiduwal ay maaaring magpakita ng mga reaksiyon kapag nalantad sa mga materyales na ito. Ang spores ng amag ay microscopic at, kapag nasa hangin, madali itong masinghot.

Maaaring maglaman ang spores ng mga allergen na nagdudulot ng iritasyon sa ilong, lalamunan at respiratory tract.

Kabilang sa Mga Karaniwang Epekto sa Kalusugan:

- Mga Allergic na Reaksiyon—pagbaha, pagbara ng ilong
- Iritasyon sa Ilong, Lalamunan, at Respiratory Tract
- Mga Atake ng Hika
- Hypersensitivity Pneumonitis



Bilang karagdagan sa mga allergen, maaaring maglabas ang amag ng mga *microbiological volatile organic compound (MVOC)*. Ang mga kemikal na ito karaniwan ay may malakas at mabahong amoy at kaugnay ng kulob na amoy na tinuturing ng mga indibiduwal na pagkakaroon ng amag. Ang mga kemikal na ito, kapag pinakawalan sa hangin, maaaring masinghot, makain o masipsip ng balat. Ang mga MVOC ay maaaring kumilos bilang pang-irita at maaaring maugnay sa mga sakit ng ulo, pagduruwal, pagkahilo at kapaguran.

Tandaan: Ang ilang amag ay maaaring magdulot ng mas malalang mga reaksiyon kaysa sa iba. Kung nakakaranas ka ng mga malalang reaksiyon, bubuti ito kapag umalis ka sa kaugnay na gusali, dapat mong kausapin ang iyong Manggagamot at consultant kaugnay ng pagpayong manatili sa bahay, apartment o anumang uri ng gusali kung saan umiiral ang problema.

Pagtatasa ng Mga Peligro

May mga salik na magagamit upang matasa kung ang dagdag na perligro ay naroon. Kabilang sa mga salik na ito ang:

- Pagtatasa ng mga indibiduwal para sa mga pagkasensitibo sa amag (mga bata, matatanda at mga may nakompromisong kalusugan, ay potensiyal na mas sensitibo)
- Ang lawak ng pagtubo ng amag
- Ang kalagayan ng pagtubo ng amag



Pagkilala ng Amag

Ang pagkilala ng amag sa bahay mo ay dapat lagging magsimula sa masusing visual na inspeksiyon. Magagawa ang inspeksiyon ng may-ari ng tahanan o kwalipikadong consultant ng kapaligiran.

Ang sobrang pagkabasa ay lagging pangunahing sangkap sa pagtubo ng amag. Suriin ang istraktura para sa mga tulo ng tubig at ibang mga pinagmumulan ng sobrang pagkabasa. Ito ang unang lugar na hahanapan para sa pagtubo ng amag. Mabuting tumutubo ang amag sa mga materyales ng gusaling may cellulose. Samakatuwid, lahat ng materyales ng gusaling naglalaman ng cellulose (iyon ay., mga tile sa kisame, gypsum board, mga stud, mga produktong kahoy, atbp.) dapat inspeksiyunin nang malapitan para sa mga senyales ng pagtubo ng amag .


Saan maghahanap ng amag:

- Saanmang lugar kung saan basa o may pagbaha.
- Mga silong, mga ginagapangang lugar mga attic.

Ano ang hahanapin:

Pagbabago ng kulay sa mga dingding o kisame na patuloy tumutubo o nagpapalit ng kulay.

- Masangang, kulob na amoy.





Mga Basic na Payo sa Pagkuha ng Consultant o Pangremedyong Kontratista

- Tanungin ang kinatawan ng kompanya kung ang mga inspector nila ay may anumang uri ng specialized na pagsasanay para sa trabahong pagtasa ng amag (tingnan ang Paglisensiya ng Consultant, pahina 7).

- Tanungin ang kontratista tungkol sa kasaysayan nila sa paggawa ng ganitong uri ng trabaho at para sa mga sanggunian para sa mga katulad na proyekto.

- Kumuha ng mga pagtasa mula sa mga magkakaibang kompanya, dahil maaari silang makabuluhang mag-iba-iba. Tiyakin na lahat ng kontratista ay nagbi-bid sa parehong trabaho. Dapat detalyado ang pagtasa at kasama lahat ng mga serbisyong ilalaan. Ang mga serbisyong maaaring isama ay sampling, disenyo, pagpalit, pagkumpuni ng anumang mga sira, atbp. Tiyakin na pumunta sa lugar ng trabaho ang kontratista sa halip na magbigay ng pagtasa sa telepono. Mag-ingat sa pagtasa na mas mababa kaysa sa mga ibang pagtasa. Ang mababang pagtasa ay hindi nangangahulugan na hindi gagawa ang kontratista ng mahusay na trabaho, ngunit tiyakin na suriin mo ang mga sanggunian at kumuha ng nakasulat, detalyadong paliwanag sa gagawin bago ang simula ng trabaho.



- Kausapi ang bawat kontratista at matutunan eksakto kung ano ang gagawin nila sa trabaho. Kung may bagay na di tila tama, kumuha ng higit pang impormasyon kaugnay ang tamang pagpayo sa gagawin bago piliin ang kontratistang iyon. Kung di ka tiyak na tumutupad ang trabaho sa mga patakaran ng local na code ng gusali, makipag-ugnayan sa tanggapan ng local na code ng gusali bago pahintulutan ang kontratistang magpatuloy.

- Alamin kung anong uri ng seguro sa pananagutan mayroon ang kontratista. Tanungin kung anong uri ng seguro ito, ano ang sakop niyo at dami ng sakop. Kung di ka tiyak kung ano ang sakop ng seguro, kailangin mong tiyakin ba sakop nito ang trabaho sa amag o microbial.

Mga Basic na Payo sa Pagkuha ng Consultant o Pangremedyong Kontratista (karugtong)

- Itala kung paano tumutugon ang kontratista sa iyo sa proseso ng pag-tatanong at pag-bid. Binalik ba ng kontratista ang tawag mo sa nasasapanahong paraan? Nasa-oras ba siyang dumating? Gumawa ba siya ang pagsusumikap upang tugunan lahat ng mga tanong mo o magbigay ng mga dulugan na maaaring tumugon sa kanila? Isaalang-alang ang mga sagot mo sa mga ganitong uri ng tanong bago kumuha ng kontratista.
- Hindi maaaring gawing walang amag ang amag. Iwasan ang kontratista na nagsasabing gagawing Malaya sa amag ang bahay mo.
- Makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission, Bureau of Consumer Protection at sa Better Business Bureau upang malaman kung ang mga reklamo ay naisampa laban sa kompanya. Maaaring lisensiyado ang kontratista na magsagawa sa trabaho sa lead o asbestos sa NJ. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga opisina ng paglilisensiya upang malaman kung mayroon silang anumang paglabag sa lugar ng trabaho sa industriyang iyon. Tingnan ang seksyon ng Mga Sanggunian (pahina 15) para sa impormasyon kung paano makikipag-ugnayan sa mga tanggapang ito.
- Isaalang-alang ang paggamit ng ibang kompanya upang magsagawa ng pagsusuri, pati na pagremedyo. Ang paggamit ng parehong kompanya ay maaaring magharap ng kasalungatan ng interes at dapat iwasan.
- Daat magbigay ang consultant ng nakasulat na upat ng inspeksiyon na may kasamang buod ng lahat ng mga ininspeksiyong lugar, ang sanhi ng pagtubo ng amag, paarno alagaan ang problema at anumang mga resulta ng sampling.

Mga Hihinging Serbisyo

Humiling ng plano para ihindo ang problema sa pagpasok ng tubig - Bago ganap na maremedyohan ang amag, dapat ayusin ang pinagmulan ng tubig.




Huwag basta lang humingi ng pagsusuri ng amag!

Humiling ng plano upang remedyohan ang amag - Kapag naayos na ang pagpasok ng tubig, mareremedyohan ang amag. Magiging mahalaga ang planong ito kapag kukuha ng pangremedyong kontratista.

Kung gagawin ang pagsusuri - Tanungin kung bakit ito gagawin, anong uri ng pagsusuri ang gagawin, at ano ang sasabihin sa iyo ng ulat ng pagsusuri.



Bakit Kailangan ang Masusing Visual na Inspeksiyon?




Ang masusing visual na inspeksiyon at pagtatasa ay ang iisang pinakamahalagang pamamaraan sa pagkuha ng impormasyon sa pagkakaroon ng problema sa amag. Ang visual na inspeksiyon at pagtatasa ay susuri ng mga lugar na maaaring maapektuhan ng pagpasok/tulo ng tubig o sobrang pagkabasa at tukuyin ang mga lugar na tinutubuan ng amag.

Pagtama ng Problema sa Pagpasok ng Tubig at Pagkakaroon ng Plano sa Pagremedyo sa Amag

Kung ang problema ng amag ay natukoy sa visual na inspeksiyon, ang plano para itama ang (mga) problema sa tubig/pagkabasa, kabilang ng plano upang linisin ang amag, ay kailangang gawin at ipatupad. Ang nakuhang impormasyon mula sa visual na inspeksiyon ay magagamit para makatulong sa propesyonal na consultant sa mga sumusunod na paraan:

- ✓ Kinikilala ang pinagmulan ng pagbasa upang maayos ito bago magtangkang alisin ang problema sa amag.
- ✓ Tumutulong sa pagtukoy ng lawak ng pagtubo ng amag.
- ✓ Kung kailangan, tumutulong gumawa ng istrategiya sa pagsample ng amag (tingnan ang seksyong may pamagat na “Kailan Kailangan ang Pagsample/Pagsusuri ng Amag?” upang malaman kung higit pang mga pagsusuri ay napapayo at/o kailangan).
- ✓ Tumutulong sa paggawa ng planong pagkilos para mapigil ang anumang kontaminasyon ng amag.
- ✓ Kung ang tubig na nagdulot ng amag, pinigilang sewage o ibang mapanganib na sangkap, kakailanganin ang mga karagdagan habkang upang matasa, linisin at idekontamina ang lugar.



Kailan Kailangan ang Sampling ng Amag?

Pakitandaan: *Kung ang visual na inspeksiyon ay magsisiwalat ng pagkakaroon ng amag, hindi kailangan ang karagdagang pagsusuri.*




Kapag natukoy ang problema sa amag, mas mabuting magagamit ang mga dulugan upang itama ang anumang mga problema sa pagkabasa at linisin ang kontaminasyon ng amag sa halip na para sa pagsubok. Subalit, kung hindi nahanap ang amag sa visual na inspeksiyon at pinaghihinalaan pa rin na naroon, maaaring kailangan ang pagsusuri. Ang gastos sa paggawa ng pagsasample ay dapat isaalang-alang kapag nagpapasya kung isasagawa o hindi ang pag-sample ng amag. Ang pagsusuri ay lagging dapat isagawa ng kwalipikadong tao (tingnan ang Paglilisensiya ng Consultant, pahina 7). Maaari kang matulungan ng Iyong Lokal na Kagawaran ng Kalusugan o dapat kang makipag-ugnayan sa isang consultang ng kapaligiran na espesyalista sa o may karanasan sa, pagsusuri sa kontaminasyon ng amag.

Kung kailangan ang sampling ng amag, ang mga sample ay maaaring kolektahin mula sa mga materyales ng gusali, alikabok o mula sa hangin at tutulong na matukoy ang lawak ng kontaminasyon ng amag. Ang pagkolekta ng mga sample ng amag ay nakakatulong sa consultant na matukoy ang specie ng amag na naroon, mga konsentrasyon at kung aktibong tumutubo ang amag.

Ang sampling lang ay hindi karaniwang magbibigay ng lahat ng impormasyong kailangan upang tasahin ang lawak ng problema sa amag at pagkabasa.



Mga Plano sa Pag-sample



Kapag kailangan ang pag-sample, kailangan itong isagawa kasabay ng imbestigasyon. Nagbibigay ito ng tamang pagtatasa ng mga kalagayansa gusali. Upang magawa ito, dapat gumawa ng particular na plano sa pag-sample.

Ang pinakamahusay na mga plano sa pag-sample ay ang mga dinesenyo upang mag-sample sa mga lugar ng pinaghihinalaang pagtubo ng amag at dapat ay may kasamang impormasyon kung bakit sina-sample ang isang lugar. Kabilang sa mga karaniwang sample na maaaring makolekta ay: *Bultuhan, Surface, Alikabok, at Mga Sample ng Hangin.*

Maaaring kasama sa karagdagang pagsusuri ang pagtasa ng relative humidity sa bahay at pagkuha ng mga pagbasa ng pagkabasa ng mga materyales ng gusali sa mga pinaghihinalaang lugar. Ang pagsusuri ng mga pinaghihinalaang surface at bultuhang mga sample ng mga materyales ng gusali ay maaari din maisagawa.



Impormasyon na Dapat Ibigay Bilang Resulta ng Inspeksiyon at Pagtatasa ng Amag

Ang mga resulta ng inspeksiyon at pagtatasa ng amag ay dapat malinaw ikokomunika sa panghuling ulat. Ang panghuling ulat ay dapat may tatlong bahagi: Isang buod ng inspeksiyon na isinagawa; isang buod ng kalagayan ng amag; at buod ng mga kalagayan ng pagkabasang natukoy.

Ang bawat bahagi ng ulat ay isinasalarawan sa ibaba:



Buod ng Inspeksiyon

- Binubuod ang sakop ng isinagawang inspeksiyon at tinutukoy ang mga lugar na ininspeksiyon.
- Mga detalye ng mga technique na ginamit upang isagawa ang inspeksiyon at pagtatasa.

Buod ng Impormasyon ng Pagkabasa

- Kinikilala ang (mga) pinagmulan ng tubig at/o pagpasok ng pagkabasa.
- Tinutukoy ang mga pagkilos na kailangang gawin upang itama ang anumang mga problema sa tubig at/o pagpasok ng pagkabasa.

Buod ng Impormasyon ng Amag

- Pagbuod ng natukoy na pagtubo ng amag, kabilang ang mga particular na lokasyon, tinatayang laki ng mga naapektuhang lugar at mga substrate na naapektuhan ng paglaki.
- Ang laki ng mga lugar na naapektuhan ng pagtubo ng amag na dapat ikategorya sa mga lebel. Makakatulong ito sa paggawa ng plano ng trabaho sa pagremedyo.
- Impormasyon sa mga ibang nagkokontamina na maaaring naroon (lalo na mula sa mga tulo ng sewage o floodwater)

Mga Pantamang Pagkilos

Kung nakita ang problema sa amag, kailangang gumawa ng mga hakbang upang tugunan ang mga nasabing kalagayan. Ang pagreremedyo ay kailangan upang maiwasan ang higit na pagkasira sa pag-aari at higit pang mga pagkalantad. Nabalangkas ang mga particular na hakbang ng United States Environmental Protection Agency (USEPA) upang remedyohan ang kontaminasyon ng amag. Kabilang dito ang:

- ☑ Pagkilala at pagtama sa pinagmulan ng pagkabasa.
- ☑ Pag-alis at/o paglinis ng mga materyales na kontaminado ng amag.
- ☑ Pag-alis ng amag at pagtiyak na ganap na tuyo ang lugar bago magsagawa ng anumang trabahong renobasyon o konstruksiyon.

Tinatala din ng USEPA ng mahalaga di lamang patayin ang amag ngunit linisin din ito dahil kahit ang mga patay na anag ay nananatiling allergenic. Tingnan ang seksyon ng Mga Sanggunian (pahina 16) para sa impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa USEPA.

Sino Dapat ang Maglinis ng Amag?

Ang pagpasya kung “sino” ang dapat magsagawa ng trabaho sa pagremedyo ng amag ay hindi lagging madali. Sa mga maliliit na lugar na apektado ng pagtubo ng amag (iyon ay, mas mababa sa 10



talampakang kuwadrado), isang may-ari ng bahay o kawani ng pagmementina ng gusali (para sa mga apartment at condominium) ay maaaring kayang gumawa ng trabaho. Para sa mga mas malaking lugar (iyon ay, mas malaki sa 100 talampakang kuwadrado), isang kwalipikadong contractor na may karanasan sa paglinis sa amag o kapaligiran ay dapat kunin. Dpaat

kumuga ng porpesyonal na opinion para sa mga apektadong lugar na nasa pagitan ng 10 talampakang kuwadrado at 100 talampakang kuwadrado. Tingnan ang pahina 5 para sa impormasyon kung paano pumili ng contractor.



Checklist ng Mga Serbisyo ng Inspeksiyon

Ang Inspeksiyon

- Kumuha ng mga quote mula sa ilang magkakaibang consultant.
- Pumili ng consultant (tingnan ang Pahina 5).
- Gumawa ng kontrata para magawa ang kontrata.
- Mga iinspeksiyuning lugar para sa pinagmulan ng sobrang pagkabasa.
- Mga lugar na tatasahin para sa senyales ng amag, sobrang pagka-umido o sobrang pagkabasa.
- Gagawa ba ng sampling? Kung gayon, ang paliwanag ng bakit gagawa ng sampling at plano ng sampling (na nagpapakita kung ilang sample, saan kukunin ang mga sample, atbp.) ay dapat gawin ng mga consultant.
- Kung nahanap ang amag at kaya ng pananalapi, dapat gumawa ng plano ng pagremedyo upang ayusin ang pinsala na dulot ng pagpasok ng tubig, alin ang mga nasirang bagay at mga materyales ng gusali, remedyohan ang amag, at alamin kung anong mga lebel ng bago makontamina dapat matugunan ng pangremedyong contractor para sa panghuling pagsubok natapos makumpleto ang pagremedyo.
- Tiyakin na ang masusing visual ay isinagawa bago ang anumang pag-sample o pagremedyo ay gagawin.



Bilang resulta ng visual na inspeksiyong ito:

- Alamin ang mga pinagmulan ng sobrang pagkabasa at ano ang kailangang gawin upang ayusin ang tahana at iatama ang problema.
- Alamin kung ang pag-sample/pagsusuri ay kailangang maisagawa at kung gayon, anong uri ng sampling, ilang sample, gastos, atbp.

Kapag tapos na ang inspeksiyon, pagsusuri at sampling:

- Ipapaliwanag sa consultant ang ulat at bigyang kahulugan ang mga resulta.
- Dapat gumawa ang consultant ng plano upang remedyohan ang amag.
- Sa ngayon, dapat mong simulan ang proseso upang kumuha ng kompanyang nagreremedyo sa amag.
- Kapag kumpleto na ang pagremedyo sa amag, higit pang pagsusuri ay dapat gawin upang matiyak na ang mga lebel ng amag sa bahay ay bumalik sa normal (natukoy bago ang pagreremedyo).



Pagreremedyo

Ang pagtrabaho sa amag ay maaaring mapanganib, kaya sinuman ang magtrabaho, ang mga kasanayan sa trabaho na nagpoproteksiyon sa mga manggagawa pati na mga nag-ookupa ay dapat isagawa.

Kailangang maprotektahan ang mga manggagawa ng guwantes, respirator, pam-proteksiyong damit at goggles o anumang uri ng proteksiyon sa mata. At, maaaring kailangan ng lugar ng trabaho na mapigilan upang maiwasan ang pagkalat ng amag sa ibang mga lugar.

Bilang serbisyo sa publiko, nagmementina ang NJ DOH ng listahan ng ilang mga kompanya na makakatulong sa pagtatasa ng kontaminasyon ng amag at trabahong pagremedyo ng amag. Dapat turuan ng mga mamimili ang ang sarili nila upang matiyak na ang kinuha nilang contractor ay kwalipikado na gawin ang trabaho. Tingnan ang pahina 5 para sa impormasyon kung paano pumili ng contractor. Tingnan ang link sa ilalim ng “*Mga Trade Firm, Mga Consultant at Mga Pangremedyong Firm*” sa pahina 16 upaang tukuyin ang mga listahan ng NJ DOH.

Checklist ng Pangremedyo ng Amag

- Kumuha ng mga quote mula sa ilang magkakaibang kontratista.
- Pumili ng consultant (tingnan ang Pahina 5).
- Gumawa ng kontrata para magawa ang trabaho.
- Tiyaking alam mo kung ano ang gagawin.
- Tiyakin na lahat ng mga porous na bagay (iyon ay, carpeting, mga papel na bagay, upholstered na muwebles, atbp.) na may tubo ng amag ay dapat alisin at itapon.
- Ang pagremedyo ng mga kontaminadong bahagi ay dapat gawin (ang mga bagay na reremedyohan ay dapat matukoy sa plano ng pagremedyo na ginawa ng iyong consultant).
- Kapag ang pagremedyo sa amag ay tapos na, ang higit pang pagsusuri ay dapat gawin upang matiyak na ang mga antas ng amag sa loob ng bahay ay nasa loob ng mga normal na sakop. Kausapin ang iyong consultant bago ang paghinto tungkol sa mga lebel na ituturing na ligtas sa muling pag-okupa.
- Maaaring magsimula ang konstruksiyon upang palitan ang mga inalis na bahagi ng gusali.





Mga Sanggunian

Mga Larawan:

Ang ilang mga larawan ay mula sa Aerotech Laboratories at EMSL Laboratories

Impormasyon:

- American Conference of Governmental Industrial Hygienists, “Bioaerosols: Assessment and Control” ACGIH, 1330 Kemper Meadow Drive, Cincinnati, OH, 45240, ISBN: 882417-29-1, 1999.
- New York City Department of Health, Bureau of Environmental and Occupational Disease Epidemiology, “Guidelines on Assessment and Remediation of Fungi in Indoor Environments”, Nobyembre 2000.
- U.S. Environmental Protection Agency, Office of Air and Radiation, Indoor Environments Division, “Mold Remediation in Schools and Commercial Buildings” EPA 402-K-01-001, Marso 2001.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

NJ DOH Consumer, Environmental & Occupational Health Service, Environ. & Occupational Health Assessment Program

609-826-4950

NJ Department of Community Affairs, Lead Licensing

609-633-6224

NJ Department of Labor & Workforce Development, Asbestos Licensing

609-633-2159



Mga Sanggunian

Mga Makakatulong na Impormasyon sa Web:

NJ DOH

Mga Trade Firm, Consultant at Mga Pangremedyong Firm:

http://www.nj.gov/health/iep/mold_ta.shtml

Mga Karagdagang Link:

http://www.nj.gov/health/iep/mold_links.shtml

FTC, Bureau of Consumer Protection

<https://www.ftccomplaintassistant.gov/>

Better Business Bureau


<http://www.bbb.org/us/Contact-BBB/>


U.S. Environmental Protection Agency

<http://epa.gov/mold/>

NJ Department of Community Affairs, Mga Tanggapan ng Lokal na Code ng Gusali

http://www.state.nj.us/dca/divisions/codes/publications/pdf_oral_muniroster.pdf





**NJ Department of Health
Consumer, Environmental and Occupational
Health Service
Environmental and Occupational Health
Assessment Program
P.O. Box 369
Trenton, NJ 08625-0369**

**Telepono: 609-826-4950
Fax: 609-826-4975
Website: www.nj.gov/health/iep**